Ginagawang Ligtas Ang Paaralan Para Sa Lahat

Ang pagiging mapanupil/mapanakot o “bullying” ay maaaring magkaroon ng maraming anyo sa mga paaralan - mula sa pagbabansag ng kung anu-anong pangalan hanggang sa mas seryosong anyo ng pananakit o panliligalig/ panggugulo. Ang Lupong Pampaaralan o School Board ng Vancouver ay laang magtatag at magpanatili ng ligtas at positibong kapaligiran para sa pagkatuto ng lahat ng mga mag aaral at empleyado.

Sa ilalim ng Batas ng Karapatang Pangtao o Human Rights Acts ng British Columbia at iba pang batas, ang mga distritong pangpaaralan sa probinsyang ito ay kailangang magkaloob ng ligtas na kapaligiran, malaya mula sa panliligalig at diskriminasyon. Ang distritong pampaaralan ay kinakailangan ding maging “pro-active” sa pagpapatupad ng mga pamamaraan at panuntunan o guidelines upang masigurado na ang lahat ng mag-aaral, empleyado at mga kapamilya ay magiliw ang pagtanggap at kabilang sa lahat na aspeto ng edukasyon at buhay-paaralan at ang pagtrato ay may paggalang at dignidad. Kabilang dito ang mga mag-aaral at empleyado na kinikilala ang mga sarili nila bilang lesbiyan at bakla, o kaya ay may agam-agam sa kanilang katayuang sekswal (sexual orientation) o pagkakakilanlan ng kasarian (gender identity).

Katulad ng aming gawain na pagtugon sa rasismo sa mga paaralan, ang mga punong-guro at mga guro ay kailangan ding magtrabaho upang masugpo ang takot sa mga bakla/lesbiyan o “homophobia” sa aming paaralan. Habang natututunan ng mga mag-aaral na ang pagkokomentaryo o pagpuna at gawi na may tonong rasismo ay di katanggap-tanggap, napag-aaralan din nila na ang di pagpaparaya o “intolerance” at pagpuna na puno ng galit sa mga taong bakla at lesbiyan ay di rin katanggap- tanggap.

Ang pangprobinsyang kurikulum na gamit sa mga paaralang elementarya ay kasama ang karamihan sa paksang ito. Sa ilalim ng Batas Pampaaralan o School Act, ang utos sa mga paaralang pampubliko sa British Columbia ay kailangang masalamin nila ang pagkakaroon ng sari-saring lahi o “diversity” sa komunidad at ituro ang pagiging mapagparaya at pang-unawa sa pagkakaiba-iba.

Ang pag-aaral tungkol sa iba-ibang modelo o klase ng pamilya ay bahagi ng programa sa primaryang baitang sa mababang paaralan na kung saan ang mga mag-aaral na anumang edad ay natututunan ang mga kasanayang kailangan sa pakikipagtrabaho sa at pagrespeto sa mga taong katulad at gayundin sa kakaiba sa kanila. Ang mga bata na nasa gitnang grado ay pinag-aaralan nang tiyakan ang masasamang bunga ng rasismo at iba pang uri ng diskriminasyon katulad ng “homophobia”. Natutunan din nila kung papaano sila makatutulong na magawa ang ating lipunan na maging ligtas at mas lalong kaiga-igaya sa lahat. Tulad ng sinabi ng Kataas-taasang Hukuman o “Supreme Court” ng Canada: “Ang pagiging mapagparaya ay laging angkop kahit anong edad.”

Sa Vancouver, ang mga paaralang pang-elementarya ay inatasan na magtalaga ng tinatawag na isang “Safe Contact Person.” Ang “Safe Contact Person” ay isang guro, punung-guro, o ang iba pang kawani na makatutulong sa mga mag-aaral na may agam-agam o katanungan tungkol sa kanilang katayuang sekswal o pagkakakilanlan ng kanilang kasarian, na nakararanas ng pang-aapi o panliligalig ng mga maton, o kaya ay nangangailangan lamang ng makakausap na hindi sila huhusgahan. Ang mga paaralan ay sinabihan na gawin na ang lahat ng mga mag-aaral ay alam kung saan matatagpuan at ang pagiging naririyan ng taong ito, at nagawa na nila ito sa ibat-ibang pamamaraan. Karamihan sa mga paaralan ay gumagamit ng “poster”, samantala ang iba ay gumamit ng mga kapulungan o asambleya, pagpupulong sa loob ng silid-paaralan, o sa pamamagitan ng sulat-balita o “newsletter” upang ipamahagi ang impormasyong ito.

2/…

Ang pagtugon sa lahat ng anyo ng diskriminasyon, at ang pagsisigurado na ang mga paaralan ay ligtas at ang pagpapatunay na may lugar para sa lahat ng ating mga mag-aaral, pamilya at kawani ay tungkulin ng lahat.

Kung mayroon kayong katanungan o alalahanin tungkol sa “homophobia,” o mga isyu sa tomboy (lesbiyan) at bakla (gay) sa paaralan ng Vancouver, huwag mag- atubili na makipag-ugnayan kay Glen Hansman o Jody Polukoshko sa pride@vsb.bc.ca o tumawag sa 604-713-5180. Kung kayo’y mayroong katanungan o nais malaman tungkol sa rasismo o multikulturalismo mangyaring hanapin si Angela Brown sa 604-713-5933.